Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center

بطريركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطريرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt
222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر

Tel: 024822580 Fax: 0235365880 email: office@popetawadros.org فاكس: 0235365880 تليفون: 024822580

*Filipino – Resurrection 2024*

**Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, Isang Diyos, Amen.**

Sumaatin nawa ang Kanyang biyaya at habag mula ngayon at magpakailanman, Amen. Christos Anesti, Alithos Anesti. Si Kristo ay nabuhay, tunay na Siya ay nabuhay. Binabati ko kayo, mga minamahal, sa maluwalhating kapistahan ng Muling Pagkabuhay . Binabati ko ang lahat ng mga simbahan at monasteryo ng Coptic Orthodox sa mga kontinente ng mundo, sa Africa, Asya, Europa, Hilagang Amerika, Silangang Amerika, at gayundin sa kontinente ng Australia at sa lungsod ng ating dakilang Diyos, ang Jerusalem. Binabati ko kayo sa kapistahan na ito na ating ipinagdiriwang pagkatapos nating mag-ayuno ngayong Dakilang Kwaresma, ang Banal na Pag-aayuno. Ang pag-aayuno na ito, na naglalaman ng mga gawaing asetiko at espiritwal na buhay, tayo ay napupuno at nagagalak dito.

Pagdating natin sa Muling Pagkabuhay at sa bukang-liwayway ng Muling Pagkabuhay , maraming pangyayari ang dumarating sa atin. Isa sa mga ito ay ang pangyayari ng mga Maria na nais mag alay ng mga palabok. Ngunit nababahala sila sa tanong na ito: Sino ang magpapagulong ng bato para sa atin (Marcos 16:3)? Ang tanong na ito ay hindi lamang ipinahayag sa mga Maria, ngunit ito ay kinakaharap natin sa ating pang-araw-araw na buhay. Marami tayong kinakaharap na paksa at maraming sitwasyon sa buhay ng bawat isa sa atin, at kung minsan ay nananatiling maliwanag ang bato sa ating buhay. Ang batong ito ay maaaring isang kasalanan. Maaaring ito ay katamaran, maaaring labis na pagka-abala sa trabaho, maaaring ito ay ang sarili mismo, maaaring ito ay mga prayoridad at kanilang pag-aayos. Sino ang magpapagulong ng bato para sa atin? Ang bato na ito ay kumakatawan sa isang paghihirap ng isang tao. Sino ang maglilipat nito? Siyempre, malinaw sa atin na ang mga Maria ay mga babae. Nang tumayo sila sa harap ng isang malaking bato na nakaharang sa pintuan ng libingan, hindi naging madali para sa kanila na ilipat ito. Nagdulot ito ng problema

Sa ating pang-araw-araw na buhay, marami tayong kinakaharap na problema, at dumarating ang tanong: Sino ang magpapagulong ng bato? Sino ang lulutas ng problema? Sino ang mag-aalis ng kahirapan na ito? Sino ang magbubukas ng hangganan?

Ipinaaalala ko sa inyo ang mayaman na binata (Lucas 18:18-23). Ang mayaman na binata na nabuhay at nagpunta at nagtanong kay Kristo ng napakagandang tanong at nagsabi, "Ano ang dapat kong gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan? " Mahusay na tanong. Isang binata na naghahanap ng kanyang kawalang-hanggan. Matapos ipaliwanag sa kanya ni Kristo na sundin ang mga utos, sinabi niya sa kanya, "Lahat ng mga bagay na ito ay tinupad ko mula sa aking pagkabata." Sinabi niya sa kanya, "Isang bagay ang kulang sa iyo." Isang hakbang sa unahan. Ano ang isang hakbang? Humayo ka, ipagbili mo ang lahat ng iyong pag-aari at ibigay sa mga dukha, upang magkaroon ka ng kayamanan sa langit, at pumarito ka, sumunod ka sa akin, na nagpapasan ng krus. Sinabi sa atin ng libro na ito. Malungkot na umalis ang binatang ito (Lucas 18:23). Isang bato ang nasa harapan niya, at hindi niya magawa na alisin ito. Ang kanyang kayamanan ay ang bato. Ipinaaalala ko sa inyo ang talinghaga ng Pariseo at maniningil ng buwis (Lucas 18:9-14). Nang pumasok sila upang manalangin, ang pagbibigay katwiran sa sarili ng Pariseong ito ay nakaharang sa harap niya, ang pagbibigay katwiran sa sarili at ang pakiramdam na siya ang pinakamahusay. Ang tungkol sa taong maniningil ng buwis, siya ay lumabas na may katwiran. Dahil sinabi niya ang isang parirala. "Oh Diyos, kaawaan Mo ako,isang makasalanan (Lucas 18:13). Sino ang magpapagulong ng bato para sa atin?

Ang pangalawang punto, ang mga Maria, bagama't ang tanong ay naging alalahanin sa kanila at nahirapan silang harapin, ang katotohanan ay mayroon silang kasipagan at determinasyon. Anong ginawa nila? Inihanda nila ang mga palabok at ang kanilang mga sarili, at nagsimula silang lumabas at lumakad sa madaling araw (Marcos 16:1) upang pumunta at ilagay ang mga palabok sa katawan ni Kristo, na namatay sa kahoy na krus. Ang kanilang inaalala ay kung sino ang magpapagulong ng bato. Ang tanong na ito ay hindi humadlang sa kanila; pinapaalab nito ang kanilang determinasyon. Nagtiyaga sila nang may hindi natitinag na pag-asa at isang matatag na paniniwala na may isang bagay na hindi maiiwasan. Sinabi sa atin ng Apostol na si San Pablo ang isang magandang talata: "Huwag magkulang sa kasipagan, maging maalab sa espiritu, na naglilingkod sa Panginoon" (Roma 12:11). Sa Aklat ng Mga Kawikaan sa Lumang Tipan, sinasabi nito: "Ang tamad ay hindi inihaw ang kanyang nahuli sa pangangaso" (Kawikaan 12:27). Nangangahulugan ito na kung magdadala ka ng kawit at itakda ito nang hindi inihahanda nang mabuti, hindi ka makakahuli ng isda. Sa Lumang Tipan, ang sitwasyon ni Nehemias ay nasa harap natin noong siya ay nabihag. Dumating ang balita kay Nehemias na ang mga pader ng kanyang bansa ay nawasak at ang mga pintuan nito ay sinunog sa apoy. Pagkatapos niyang matanggap ang pahintulot ng hari, nagsimula siyang bumalik sa kanyang lungsod, na kung saan ay ang Jerusalem, at sinubukang magtayo, subalit wala siyang anumang kakayahan,kung kaya't siya ay nagsimulang sabihin sa mga tao na nakatira sa paligid ng mga pader na ang bawat isa ay dapat magtayo ng pader sa harapan ng kanyang sariling tahanan(Nehemias 3:28). At

nagsimula silang magtayo ng mga pader. Binigyan niya sila malakas na kataga na sinasabi sa kanila: “Ang Diyos ng Kalangitan Mismo ang magpapaunlad sa atin; sa gayon, tayo na Kanyang mga lingkod ay babangon at magtatayo,” (Nehemias 2:20). Ang ibig sabihin nito na makakamit natin ang tagumpay na ito mula sa Diyos habang tayo ay bumabangon at kikilos. Bagama't ang pader sa kanyang harapan ay nawasak at ang mga pintuan ay sinira ng apoy. Marahil ang ganitong pangyayari ay tulad ng mga matalinong mga birhen. (Mateo 25:1-13). Sila ay nagsumikap ng husto, naghanda ng langis, naghanda ng lampara, at hinintay si Kristo.Sila ay nanatiling handa, bagama’t hindi nila alam kung kelan darating si Kristo na Lalaking Ikakasal.

Ang unang hakbang, sino ang magpapagulong ng bato para sa atin? Ito ay ang pagdurusa. Ang ikalawang hakbang ay sipag at tiyaga. Ang ikatlong hakbang ay isang magandang hakbang, na siyang hakbang ng nakataas na bato. Ito ay kamay ng ating Panginoon kapag ito ay kumikilos. Dumating sila sa libingan at nakita nilang nagulong na ang bato (Marcos 16:4). Mangyaring isipin ang kanilang mga damdamin. Ang kanilang panloob na kagalakan ay,na ang bato na kumakatawan sa problema at kahirapan ay inalis ni Hesukristo at siya ay bumangon mula sa mga patay. Natagpuan nila na ang bato ay nausog na, ang libingan ay walang laman, at ang kamay ng Diyos ay kumikilos. Kaya naman, kapag ikaw ay nahaharap sa anumang kahirapan, tandaan na ang kamay ng ating Panginoon ay kumikilos. Isang araw, bago ang Muling Pagkabuhay ng dalawang araw, ang krus ay araw ng Biyernes, at sa krus si Hesukristo ay ipinako , at sa kanyang kanan ay isang magnanakaw at sa kanyang kaliwa ay isa pang magnanakaw, upang ang lahat ay ituring na parang sila ay mga magnanakaw. Ang magnanakaw na nasa kanan ay nagsabi ng isang magandang parirala, at sa palagay ko ay hindi niya inaasahan ang naging resulta nito: “Alalahanin mo ako, O Panginoon, pagdating mo sa iyong kaharian,” at ito ang naging resulta. “Ngayon ay makakasama kita sa Paraiso” (Lucas 23:42-43). Si Kristo ay bumangon upang ibangon tayo kasama Niya. Dahil dito, kapag nahaharap ka sa isang kahirapan o problema, magsikap nang husto at maging tapat at tandaan na ang kamay ng Diyos ay kumikilos, at ang resulta ay magiging kahanga-hanga sa pamamagitan ng iyong pananampalataya at pag-asa.

Binabati ko kayo sa maluwalhating kapistahan na ito. Binabati ko ang lahat ng mga Pari,Metropolitan, Obispo, Hegumen, at Presbitero . Binabati ko ang mga diakano, arkon, at mga tagapaglingkod. Binabati ko rin ang bawat pamilyang Coptic sa bawat simbahan at sa anumang lugar. Binabati ko ang mga kabataang lalaki at babae, at binabati ko rin ang mga Ginoo at Ginang , at binabati ko ang mga bata. Binabati ko kayong lahat mula sa lupain ng Ehipto at mula sa Simbahang Coptic Orthodox , mula dito sa katedral, St. Mark's Cathedral sa Abbasiya, Cairo. Ipinapadala ko ang pagbati na ito sa inyong lahat. Hangad ko para sa inyo ang isang masaya at pinagpalang kapistahan, na puno ng kagalakan at malalim na pakiramdam ng maluwalhating Muling Pagkabuhay na ating

ginugunita at ikinagagalak habang binibigkas natin ang mga salita ng ating pang-araw-araw na panalangin, “Bumangon, O mga anak ng liwanag, upang ating purihin ang Panginoon ng mga hukbo.” Christos Anesti, Alithos Anesti. Si Kristo ay nabuhay, tunay na Siya ay nabuhay.